gikan sa
# SILYAB
an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu I
Taon XLVII Blg. 1

Rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol




## Krisis, krisis, krisis: Ang unang taon ni Ferdinand Marcos Jr. sa pwesto

Matapos ang halos apat na dekada, muling nakabalik sa Malakanyang ang pamilyang Marcos. Sa pamamagitan ng sistematikong manipulasyon, malawakang pandaraya at tusong pampulitikang paninikluhod sa imperyalistang US at pakikipagkutsabahan sa pinakamakakapangyarihang dinastiya sa bansa, muli nilang kinabig ang kapangyarihan at ilinuklok ang ilehitimong rehimeng US-Marcos Jr.

At tulad ng inaasahan ng sambayanan, sa unang taon pa lamang ni Marcos Jr. ay lantaran na niyang ibinandera ang interes ng kanyang pamilya, mga alyadong pulitikal at among naghaharing-uri. Agresibo niyang ipinagkanulo ang interes ng sambayanan at linublob sa matinding krisis ang bansa.

Ngayong ikalawang State of the Nation Address (SONA) niya, tiyak na babaha na naman ng boladas, pangako at ilusyon ng pag-unlad. Ngunit alam ng taumbayan ang tunay na kalagayan ng nasyon: krisis, krisis, krisis.

### Pinasahol ni Marcos II ang sosyoekonomikong krisis

Pinanatili at pinalubha pang lalo ni Marcos II ang sosyoekonomikong sistemang pabor sa mapanibasib na dayuhan at pribadong pamumuhunan. Itinaguyod niya sa mas mataas at garapal na antas ang neoliberal na doktrina. Bilang huwarang papet ng naghaharing-uri, pinrayoridad niya ang pagtitiyak ng pinalaki at pinasaklaw na papel ng mga kapitalista sa paggugubyerno.

Isa sa pinakauna niyang atas ang tipunin ang mga kinatawan ng pinakamalalaking kapitalista at gawin silang tagapayo ng kanyang rehimen. Sang-ayon dito, sa pangunguna ng bilyunaryong si Sabine Aboitiz ay nabuo ang **Private Sector Advisory Council (PSAC)** na binubuo ng 33 kasapi. Sampu sa kanila ay kabilang sa listahan

ng pinakamayayaman ayon sa Forbes at mayroong magkakumbinang yamang aabot sa P1.9 trilyon. Regular na nagpapasa ang PSAC ng mga rekomendasyon sa polisiya at patakarang may kaugnayan sa anim na susing larangan: imprastruktura, agrikultura, kalusugan, *digital infrastructure*, larangan ng paggawa at turismo. Sa kumpas ng PSAC, umarangkada ang ilehitimong rehimen sa pagraratsada ng mga batas na pabor sa interes ng mga bilyunaryong kapitalista, dayuhang mamumuhunan at lokal na naghaharing-uri.

Pinakamalalaking rekomendasyon ng PSAC ang P267 bilyong rehabilitasyon ng Ninoy Aquino International Airport (NAIA), pagtatanggal ng *secondary price caps* o yaong limitasyon sa halagang maaaring isingil sa kuryente, pagpapabilis ng proseso ng pribatisasyon ng mga daungan, pagtutulak na bigyan ng matatagalang permit ang komersyal na mga pangisdaan, pagpapalawak sa operasyon ng mga *motorcycle taxi,* pagpapapasok ng pribadong entidad sa implementasyon ng National ID System at pagbibigay ng mga insentibo sa mga kumpanya ng sasakyan sa ilalim ng Comprehensive Automotive Resurgence Strategy (CARS).

Ang mga polisiyang ito ay tuwirang pakikinabangan ng mismong mga kasapi ng PSAC. Halimbawa na lamang, ang Aboitiz Group ay bahagi ng *consortium* na siyang hahawak sa 25 taong rehabilitasyon ng NAIA. Samantala, sa bisa ng pag-alis sa *secondary price caps,* tatabo ng lalo pang malaking tubo ang mga kumpanya ni MVP sa enerhiya.


gikan sa Silyab an dakulang sulo

**Ispesyal na Isyu 2023**

Ang Silyab ang rebolusyonaryong pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Rehiyong Bikol. Maaari itong i-download sa: *yadi.disk/silyabbikol-official*

Bukas ang pahayagan para sa inyong mga ulat koresponsal, artikulo at iba pang kontribusyon. Ipadala ang mga email sa *marojabanua.ndf@gmail.com.*

Jonathan Lim | NDF Bikol Online Portal
@jonadelima49 | marojabanua.wordpress.com


Ngunit hindi pa nakuntento sa pagbuo ng PSAC si Marcos. Upang patunayan ang pagiging matapat na tuta ng imperyalismo, pinrayoridad niya rin ang pagpapasa ng mga batas at patakarang pabor sa dayuhang kapitalista. Isa sa mga sinertipikahan ni Marcos bilang *urgent bill* na kailangang maipasa agad ang **HB 6527 o Public-Private Partnership (PPP) Act.** Nakapasa na ito sa ikatlo at huling pagbasa ng Kongreso nitong Hunyo 2023. Titiyakin ng naturang batas ang mas masaklaw na papel ng pribadong pamumuhunan sa mga programa ng gubyerno.

Inaprubahan din ng rehimeng US-Marcos ang **100% dayuhang pag-aari sa industriya ng renewable energy at pinahintulutan ang renewal ng pribadong kontrata sa kontrobersyal na Malampaya Gas field** sa Palawan. Bahagi ito ng sistematikong pagbubukas ng nalalabi pang mga larangan ng ekonomya ng bansa para sa dayuhang pamumuhunan.

Ilinabas din ni Marcos ang **EO 16** na naglalayong pabilisin at padaliin pa ang proseso ng pagkuha ng *business permit* para sa mga dayuhang kumpanyang nais mamuhunan sa bansa. Ipinagyayabang din niya ang pagluluwag sa pagbubuwis at pagbibigay ng mga t*ax exemption* sa mga dayuhang kumpanya sa ilalim ng **Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises (CREATE).** Ang CREATE ang ikalawang pakete ng regresibong Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) na ipinagpapatuloy ngayon ni Marcos. Umabot sa P372 bilyon ang dagdag na kita ng mga kapitalista dahil dito. Hindi pa nasapatan, **binigyan din ni Marcos ng *tax refund* ang lahat ng turistang pumasok sa bansa mula nitong 2020 sang-ayon sa rekomendasyon sa kanya ng mga bilyunaryong kumakatawan sa PSAC.**


Sa sunud-sunod din niyang byahe sa ibayong dagat, buong kataksilang ilinako ni Marcos ang murang paggawa at mala-aliping patakaran sa paggawa sa bansa upang engganyuhin ang mga dayuhang kapitalista na mamuhunan sa bansa.

Tuwang-tuwa si Marcos na nagkakandabusog ang kanyang mga among naghaharing-uri sa rekurso at yaman ng bansa kahit pa pinapatay nito ang pambansang ekonomya. Ngunit kung anong bait ni Marcos sa mga dayuhan ay siya namang lupit niya sa karaniwang Pilipino.

Habang bwelado ang neoliberal na palakad ni Marcos at ang kasakiman ng naghaharing-uri, ang sambayanan ang inoobliga nitong magsalba sa papalubog na ekonomya ng bansa. Mamamayan ang kinakastigo niya ng mga pahirap na batas upang ikubli ang distrosong dulot ng kanyang maka-dayuhang pamamalakad.

# Ang mga bilyunaryong kumukontrol sa papet na si Marcos II

## TALAAN NG MGA KASAPI NG PSAC



| | |
|---|---|
| Sabine Aboitiz (lead convener at tagapangulo ng infrastructure cluster) | **Netong Yaman ng pamilya: P161.5 bilyon**<br>**Ilan sa mga negosyong pag-aari:** Aboitiz Equity Ventures (P303.2 bilyon), Aboitiz Power (P275.9 bilyon), Unionbank (P174.3 bilyon), City Savings Bank, Petnet, Pilmico, Republic Cement, APO Agua Infrastructura, Aboitiz Land, Aboitiz Data Innovation, Aboitiz InfraCapital |
| Ramon Ang | **Netong Yaman ng pamilya: P693.3 bilyon**<br>**Ilan sa mga negosyong pag-aari:** San Miguel Corporation (may pamumuhunan sa larangan ng pagkain, enerhiya at imprastruktura), Petron Corporation (solong integradong repinarya at marketing na kumpanya sa langis sa bansa), San Miguel Global Power Holdings |
| Joanne de Asis | Chairperson ng Globe Capital Partners LLC (isang boutique investment at private equity bank na nakabase sa New York).<br>Independent director din siya ng Aboitiz group of companies at senior adviser ng Morgan Stanley & Co. |
| Manuel V. Pangilinan | **Ilan sa mga negosyong pag-aari:** Metro Pacific Investments Corporation (P130.6 bilyon), Manila Electric Company, PLDT, Smart Communications, Maynilad Water Services, Philex Mining, Philex Petroleum, Manila North Tollways Corporation at mga ospital. Hawak niya rin ang TV5 network at ilang pahayagan sa ilalim ng MediaQuest Holdings Incorporated |
| Enrique Razon | CEO ng International Container Terminal Services (nangungunang opereytor ng mga daungan sa bansa; P406.4 bilyon)<br>**Ilan sa mga negosyong pag-aari:** Bloomberry Resorts na may-ari ng Solaire Resort Entertainment City (P108.7 bilyon), Prime Infrastructure Capital na may hawak ng Manila Water, WawaJVCo, Prime Energy, Terra Solar, Terra Tanauan, Ahunan Power, Prime Integrated Waste Solutions at Wastefuel. May sapi rin siya sa Malampaya gas field. |
| Eric Recto | Presidente ng Atok-Big Wedge (ABW), isa sa pinakamatatandang kumpanya sa langis sa bansa. Pag-aari ng ABW ang subsidyaryong AB Stock Transfers Corporation and Tidemark Holdings Limited (nakabase sa Hong Kong) at Forum Energy plc. |
| Aileen Christel Ongkauko (Tagapangulo ng agriculture sector) | Presidente at CEO ng La Filipina Uy Gonco Group of companies na nakatuon sa agribusiness, hayupan at pagproseso ng pagkain.<br>Dating independent director ng Aboitiz Equity Ventures, Pilmico, at Aboitiz Power. |
| Francisco Laurel, Jr. | Presidente at CEO ng Frabelle Fishing Corporation |
| Irwin Lee | Presidente at CEO ng Universal Robina Corporation (P282.8 bilyon) na pag-aari ng pamilyang Gokongwei. Ilan sa mga produkto nito ang Great Taste Coffee, Nissin Cup Noodles at Jack and Jill's Chippy. |
| Ramon "Jojo" Lim | May-ari ng Gaya Lim Farm na nakabase sa Tarlac |
| Christopher Po | **Netong Yaman ng pamilya: P66.8 bilyon**<br>Presidente at CEO ng Century Pacific (P85.6 bilyon). Ito ang kumpanyang nasa likod ng 555 Tuna, Century Tuna, Argentina Corned Beed at 555 Carne Norte. |
| Michael Tan | **Netong Yaman ng pamilya: P111 bilyon**<br>Anak ni Lucio Tan na dating pangulo ng LT Group (P101.3 bilyon). Kabilang sa subsidyaryo ng LT Group ang Tanduay Distillers, Asia Brewery, Fortune Tobacco Corporation, Philippine National Bank, at Eton Properties Philippines |
| Lance Gokongwei (tagapangulo ng tourism sector) | **Netong Yaman ng pamilya: P172.6 bilyon**<br>Presidente at CEO ng JG Summit Holdings (P339.2 bilyon). Ang kanilang pamilya ang may-ari ng URC, Robinsons Land, Cebu Air, Robinsons Bank, JG Digital Equity Ventures. May sapi rin sila sa Data Analytics Ventures, DHL Summit Solutions, Luzon International Premier Airport Development, Meralco, Singapore Land Group at PLDT. Opereytor din ito ng Clark International Airport |

| | |
|---|---|
| **Bobby Claudio Sr.** | Chairman emeritus ng Quorum Holdings na may-ari ng Toby's Sports.<br><br>Director at founder ng GS1 Philippines, kumpanyang nakatuon sa goods packaging. |
| **Josephine Gotianun Yap** | **Netong Yaman ng pamilya: P55 bilyon**<br><br>Presidente at CEO ng Filinvest Development Corporation. Hawak ng korporasyong ito ang EastWest Bank at katumbas na rural bank, EastWest Insurance firms, EastWest Leasing and Finance Corporation, Filinvest Hospitality Corporation, Filinvest Lifemalls, The Palms Country Club, FDC Utilities Inc., Davao Sugar Central Corporation at Pacific Sugar Holdings. Opereytor din ito ng Clark International Airport |
| **Rene Limcaoco** | CEO ng Hertz Philippines, isang ahensyang pag-aari ng Exclusive Cars International Holdings |
| **Lucio Tan III** | Presidente ng PAL Holdings (P63.3 bilyon) at LT Group president |
| **Paolo Borromeo (tagapangulo ng health sector)** | Presidente at CEO ng AC Health, subsidyaryo ng Ayala Corporation. Hawak ng AC Health ang Generika Drugstore, IE Medica, MedEthix, Healthway, QualiMed, KonsultaMD |
| **Fr. Nicanor Austriaco Jr.** | Molecular biologist at paring Katoliko. Bahagi ng Dominican Order of Preachers at research fellow sa OCTA. |
| **Clinton Campos-Hess** | Presidente at CEO ng United Laboratories (Unilab) |
| **Nicanor Montoya** | Presidente at CEO ng MediCard (nangungunang health maintenance organization sa bansa) |
| **Dr. Harish Pillai** | CEO ng Metro Pacific Hospital Holdings na pag-aari ni MVP. Ang MPHH ay may hawak na 20 ospital kabilang ang Makati Medical Center, Cardinal Santos Medical Center, Asian Hospital at Davao Doctors Hospital |
| **Joey Concepcion III (tagapangulo ng jobs sector)** | Go Negosyo main mentor at founder<br><br>Presidente at CEO ng RFM Corporation (P10.4 bilyon) na may hawak sa Unilever RFM Ice Cream, Inc., RFM Foods Philippines Corp., Southstar Bottled Water Company, Engrain-RFM Pacific, FWBC Holdings, RFM Equities., Rizal Lighterage Corporation, WS Holdings at Selecta Wall's Land Corp. |
| **Alfredo Ayala** | Chief Operating Officer ng iPeople, Inc., kumpanyang nagtutulak ng pamumuhunan sa sektor ng edukasyon. Inoopereyt nito ang Malayan Education System kung saan nakapailalim ang Mapua University, Malayan Colleges at Malayan High School of Science.<br><br>Ang iPeople ay pumaloob sa merger kasama ang AC Education na pag-aari ng Ayala Corporation. Bunga nito, hawak na rin nito ang National Teachers College, University of Nueva Caceres at Affordable Private Education Center |
| **Doris Magsaysay Ho** | Presidente at CEO ng Magsaysay Group of companies |
| **Rizalina Mantaring** | Independent director ng Ayala Corporation, First Philippine Holdings Corporation, Universal Robina Corporation, East Asia Computer Center at MicroVentures Foundation.<br><br>Dating presidente at CEO ng Sun Life Financial Philippines. Dati ring presidente ng Management Association of the Philippines at Philippine Life Insurance Association |
| **Teresita Sy-Coson** | **Netong Yaman ng pamilya: P702 bilyon**<br><br>Vice chair ng SM Investments na may sapi sa SM Investments at SM Prime. Hawak din ng pamilya Sy ang BDO Unibank, China Bank, SaveMore, Walter Mart at Alfa Mart. May pamumuhunan din sila sa Neo Group, Philippine Urban Living Solutions, CityMall Commercial Centers, Belle Corporation, 2Go Group, Airspeed, Goldilocks at Atlas Mining. |
| **Kevin Tan** | CEO at vice chairman ng Alliance Global na may hawak sa Emperador Inc., Megaworld Corporation, Travellers International Hotel Group, Infracorp Development Inc., at Golden Arches Development Corporation (nasa likod ng McDonald's sa bansa) |
| **Henry Rhoel Aguda** | Chief technology and operations officer ng UnionBank (P175 bilyon) na hawak ng Aboitiz group<br><br>Dating vice president at chief technology officer ng Government Service Insurance System |
| **Ernest Cu** | Presidente at CEO ng Globe Telecom (P247.4 bilyon) na hawak ng Ayala Group. Hawak din ng Globe ang 917 Ventures, Kickstart Ventures, Mynt na nag-oopereyt ng GCash |
| **Ramon Jocson** | COO ng Bank of the Philippine Islands (BPI) na pag-aari ng Ayala Group. Ang BPI (P525.2 bilyon) ang pinakaunang bangko sa bansa. |
| **Alfredo Panlilio** | Presidente at CEO ng PLDT (P289.9 bilyon) na may hawak sa Smart Communications at Maya (dating PayMaya). |
| **Dennis Anthony Uy** | **Netong Yaman ng pamilya: P97.5 bilyon**<br><br>Presidente at CEO ng Converge ICT Solutions (P78.5 bilyon) |

Sa loob pa lamang ng unang 10 buwan ni Marcos sa pwesto, **umabot na sa P1.1 trilyon ang dagdag na utang ng bansa na pumapalo na sa higit P14 trilyon nitong Hunyo.** Ang dambuhalang utang na ito ay ibinunga ng neoliberal na patakarang nagtutulak sa walang awat na importasyon ng mga materyales, pagbili ng mga sarplas na produkto at panustos sa mga proyektong pang-imprastruktura. Ngunit kahit na iilang lokal at dayuhang kapitalista at mga kakutsaba nilang burukrata lamang ang nakinabang sa pondong inutang, ang pera ng taumbayan ang ginagamit na pambayad. **Tatlumpung porsyento o aabot sa P1.6 trilyon ng badyet ngayong taon ang mapupunta sa pambayad-utang.**

Upang pigain ang taumbayan, dagdag na mga buwis ang ipinataw ni Marcos. Kabilang na rito ang **dagdag na mga buwis para sa *digital* at *online services*, mga sasakyang tulad ng motorsiklo at *pick-up trucks* at mga produktong tulad ng *softdrinks* at sigarilyo. Oobligahin na ring magbayad ng VAT ang mga *senior citizen* at may kapansanan.** Sa kasagsagan ng pagtaas ng presyo ng langis, **tumanggi rin ang rehimen na alisin ang *excise tax* sa mga produktong petrolyo. Habang sa bisa naman ng TRAIN, pinatataas tungong 12% ang VAT ng lahat ng produkto at serbisyo.**

**Tinanggihan din ni Marcos ang panukalang bigyan ng *tax exemption* ang 700,000 guro at iba pang manggagawang nagtrabaho sa panahon ng eleksyon.** Taliwas daw ito sa layunin ng kanyang rehimen na pahusayin ang sistema ng pagbubuwis samantala P1.5 bilyon lamang ang makukolektang ito mula sa *poll workers.* Napakaliit kumpara sa P250 bilyong nawala dahil sa *tax exemption* sa mga korporasyon o kaya ay sa P203 bilyong utang na buwis na tinatakbuhan ng kanyang angkan.

Ngunit hindi lamang mga lokal at dayuhang kapitalista ang nais busugin ni Marcos. Nais niyang siya mismo ay magpakabundat sa kurakot kasabay ng kanyang mga kaalyadong pulitikal at maaasahang galamay sa gubyerno. Isa sa pinakakontrobersyal ang madaliang pagpasa ng **P500 bilyong Maharlika Investment Fund.**

Pumasa ang batas sa kabila ng dami ng butas nito tulad ng anomalyosong probisyong tumanggap ng dayuhang kapitalista upang umupo sa board, pagsasapanganib sa seguridad sa trabaho ng mga manggagawa sa mga ahensyang paghuhugutan ng pondo, kasalatan ng pondo para sa panlipunang serbisyo at laki ng utang pampubliko.

Mas mabilis pa nga ang deliberasyon at nauna pang maaprubahan ang MIF kaysa sa P166.7 milyong dagdag pondong hinihingi ng Albay para tustusan nang hanggang 90 araw ang higit sa 70,000 napilitang lumikas dahil sa pag-aalburuto ng bulkang Mayon. Ito ay kahit na sadya namang higit na kritikal at kagyat ang pangangailangan sa pondo para sa *disaster relief* at barya lamang ito kumpara sa laki ng hinihinging pondo ng MIF.

Ang pagratsada sa MIF ay pinangunahan ng pinsan ni Marcos na si House Speaker Martin Romualdez at ng kanyang anak na si Sandro Marcos. Isinusugal nito ang pampublikong pondo sa kamay ng iisang makapangyarihang grupo na nakaugnay mismo sa pangulo. Tulad ng pagkulimbat ng kanyang ama sa *coco levy funds* at iba pang pondong linikom sa taumbayan, tiyak nang gagamitin lamang ang naturang pondo upang paapawin pa ang bulsa ng mga Marcos at kanilang mga kroni.

Ngunit bagamat siyang pinakamalaki, hindi nag-iisa ang MIF sa mga ilinatag ni Marcos na balon ng burukratikong korapsyon sa kanyang unang taon. Niregaluhan niya ang kanyang sarili

---

## Mga Bikolanong mambabatas na bumoto pabor sa Maharlika Investment Fund



**TSUYOSHI ANTHONY HORIBATA** (CAMARINES SUR, 1ST DISTRICT)
**LRAY VILLAFUERTE** (CAMARINES SUR, 2ND DISTRICT)
**ARNIE FUENTEBELLA** (CAMARINES SUR, 4TH DISTRICT)
**MIGZ VILLAFUERTE** (CAMARINES SUR, 5TH DISTRICT)
**JOEY SALCEDA** (ALBAY, 2ND DISTRICT)
**FERNANDO CABREDO** (ALBAY, 3RD DISTRICT)
**RICARDO KHO** (MASBATE)
**OLGA 'ARA' KHO** (MASBATE)
**WILTON 'TONTON' KHO** (MASBATE)
**WOWO FORTES** (SORSOGON)
**EULOGIO RODRIGUEZ** (CATANDUANES)
**ELIZALDE CO** (AKO BICOL PARTYLIST)
**JIL BOGALON** (AKO BICOL PARTYLIST)
**WILBERT LEE** (AGRI PARTYLIST)
**NICOLAS ENCISO** (BICOL SARO)

## Mga Bikolanong mambabatas na bumoto laban sa MIF

**GABRIEL BORDADO** (CAMARINES SUR, 3RD DISTRICT)
**EDCEL LAGMAN** (ALBAY, 1ST DISTRICT)

ng **P2.87 trilyong *pork barrel* o kalahati ng buong pondo para sa 2023.** Ito ang pondong nasa kanyang tuwirang kontrol at pagpapasya. Kabilang dito ang **P13 bilyon *contingent fund*** na ginagamit niya bilang 'baon' sa mga byahe nila ng kanyang mga kamag-anak at alipures sa ibang bansa.

Samantala, ang pinakamalaking tipak naman ng pondo para sa kasalukuyang taon ay napunta sa Department of Education kung saan ang kalihim ay ang bise presidenteng si Sara Duterte, ang katambal ni Marcos noong eleksyon. Aabot sa P900.9 bilyon ang napunta sa DepEd kabilang na ang **P150 milyong *intelligence* at *confidential funds* na tuwirang kontrolado ni Duterte.** Ito ang unang pagkakataong nagkaroon ng ganitong item sa pondo ng naturang kawanihan. Dagdag pa, mayroong **P500 bilyong *confidential fund* na hahawakan si Duterte mula sa Office of the Vice President (OVP).** Ang *confidential funds* ng OVP na ito ay 500% na agad na mas malaki kaysa sa pondo ng nagdaang bise presidente na si Leni Robredo.

Nariyan din ang **anomalya sa mga proyektong *farm-to-market roads* (FMR) kung saan pinakamalaking badyet ang ibinuhos para sa rehiyon ng Ilocos at Eastern Visayas.** Ang Region 1 ang tinaguriang balwarte ng mga Marcos habang ang mga Romualdez naman ay nagpupugad sa Region 8. Mula sa P568 milyon noong 2022, biglang pumalo sa P2.038 bilyon ang pondo ng Ilocos sa FMR. Samantala ang pondo naman ng Eastern Visayas ay lumobo mula P513 milyon tungong 1.612 bilyon ngayong taon.

At upang tuluy-tuloy na makaalagwa ang burukratikong korapsyon niya, kailangang panatilihin ni Marcos ang atrasado, malapyudal at pre-industriyal na ekonomya ng bansa. Alam niyang ang ganitong mga kundisyon ay pabor para sa lalo pang pagsasamantala at pang-aapi. Kung kaya, iginugol ni Marcos ang unang taon sa pwesto sa pagtatakwil ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Pilit niyang isinusubo ang magagastos na proyektong pang-imprastrukturang nakaasa sa dayuhang pautang at pinuputakti ng korapsyon at anomalya.

Kaugnay nito, ipinaprayoridad niya sa Kongreso ang pagpapasa sa magkatambal na panukalang **HB 8162 o National Land Use Act (NLUA) at HB 8078 o 30-Year National Infrastructure Program (NIP).** Pahihintulutan ng NLUA ang malawakang kumbersyon ng lupang agrikultural para gawing lote para sa mga *subdivision*, komersyal na pabahay at iba pa. Bago pa ang batas na ito, napakaraming komunidad na ang sapilitang pinalikas at mga kabuhayang naisapeligro ng malaganap na *land conversion.*



Sa Bikol, sa unang buwan pa lamang ni Marcos sa pwesto ay naganap ang **pagpapalayas sa 94 pamilya ng mga magsasaka sa Brgy. Cabungahan, Calapayan at Villaluna, Cawayan, Masbate.** Nasundan ito ng **pagpapalayas sa komunidad ng mga magsasakang matagal nang nagbubungkal ng lupa sa Luis A. Yulo, Brgy. Matagbac, Milagros, Masbate ngayong taon.** Tiyak na lalo pang sasahol ang pangangamkam ng lupa sa pagsasabatas ng NLUA.

Samantala, ang 30 taong NIP naman ay magtatali nang napakahabang panahon sa pampublikong pondo tungo sa mga proyektong pangunahing pakikinabangan lang naman ng mga dayuhang mamumuhunan at mga kapitalista sa larangan ng bakal at iba pang materyales.

Sa halip na tunay na reporma sa lupa, ipinatupad ng rehimen ang **Agrarian Emancipation Act** na walang ibang ipinapangako kundi mga paimbabaw na solusyon tulad ng kanselasyon ng kasalukuyang utang ng mga magsasaka at pamimigay ng mga *hybrid* na binhi. Bagamat may kondonasyon sa pautang, hindi naman nito pinapawi ang sistema ng usura at utang sa pagsasaka. Hanggat wala sa kamay ng magsasaka ang lupa at kagamitan sa produksyon at mataas ang gastos sa pagtatanim, malulubog at malulubog lang ding muli ang mga magsasaka sa utang.

Ang tunay na adyenda ng pamimigay ng *hybrid* na binhi ay ang itali ang mga magsasaka sa mga binhing hybrid. Sang-ayon ito sa ipinatutupad din ni Marcos ngayong **Masagana rice seed program: Masagana 150 at Masagana 200** na bersyon niya ng mapaminsalang Masagana 99 program ng kanyang ama. Bagamat sinasabing maraming aanihin o *high-yielding* ang ganitong mga binhi, nakaasa naman ito sa kemikal, komersyal na pataba at pestisidyo. Hindi rin maaaring ibinhi ang ganitong mga buto kaya mapipilitan ang mga magsasakang bumili lagi ng panibagong binhi kada magtatanim.

Disbentahe rin sa pangmatagalan ang pagtatanim ng iisang klase ng *hybrid* na binhi


dahil tinatanggal nito ang kakayahan ng mga pananim na lumaban sa mga peste at sakit. Kapag tinamaan ng sakit, masasalanta nang buo ang taniman. Ito mismo ang naging problema ng IR8 na ilinalakong binhi sa ilalim ng Masagana 99 noon ni Marcos Sr.

Ngunit sa kabila nito, pilit pa ring itinutulak ni Marcos ang naturang programa. Sa Bikol, sinimulan na noong Disyembre 2022 ang programa sa pagpapatanim ng *golden rice* sa Catanduanes. Ang naturang prubinsya ang isa sa mga itinakdang *pilot province* para pagtamnan ng *golden rice.*

Niratipikahan din noong Pebrero 2023 ang pagpasok ng Pilipinas sa tratadong **Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP).** Isa sa pinakanakababahalang probisyon nito ang pagtatanggal sa taripa sa mga sensitibong produktong pang-agrikultura. Itutulak nito ang lalo pang pagbaha ng mga *imported* na produktong agrikultural na ibayong lulumpo sa kabuhayan ng mga magsasakang Pilipino.

Kaugnay din ng liberalisasyon sa agrikultura, patuloy na ipinapatupad ni Marcos ang minana niyang **Rice Liberalization Law** mula sa nagdaang rehimeng Duterte. Dahil sa naturang batas, umabot na sa P206 bilyon ang ikinalugi ng mga magsasaka mula 2019 hanggang 2021. Idinulot din nito ang patuloy na pagsirit ng gastos sa produksyon at pagsikad ng presyo ng mga *farm inputs.*

Sa halip na tunay na repormang agraryo bilang pundasyon ng isang matatag na pambansang ekonomya, ang interes ni Marcos ay ang pasiglahing muli ang sektor ng pagmimina, konsesyon sa pagtotroso, pagtatayo ng mga dambuhalang dam, mga sonang pang-ekoturismo at iba pang negosyong sang-ayon sa nais ng mga lokal at dayuhang kapitalista. Nakapaloob sa **Philippine Development Plan 2023-2028** ang pagbubukas ng mas malawak pang mga lupain para sa dayuhang pagmimina at mga plantasyon. Pinasasahol ng mga patakarang ito ang monopolyo sa lupa at ang pyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka.




Samantala, ang sambayanang Pilipino laluna ang mga magsasaka at manggagawa ang pinakaapektado ng papasahol na sosyoekonomikong krisis. Sila ang araw-araw na bumabalikat ng malawakang kawalan ng trabaho at kabuhayan, kawalan ng lupa, mababang sahod, mataas na presyo ng mga bilihin at serbisyo, malawakang kagutuman at kahirapan.

Sa unang taon ni Marcos, **dumagdag ng 1.4 milyon ngayong unang kwarto ng 2023 ang nagsasabing naghihirap sila kumpara noong ikatlong kwarto ng 2022.** Partikular sa Bikol, ayon sa pinakahuling datos ng gubyerno, tumaas ng 1.9% ang tantos ng kahirapan sa panahon ni Marcos kumpara noong 2018. Dalawampu sa mga bayan ng rehiyon ang kabilang sa pinakamahihirap na bayan sa buong bansa: Capalonga, Labo, at Mercedes ng Camarines Norte; Del Gallego, Lupi, Ragay, Siruma, Balatan, Tinambac, Lagonoy at Libmanan ng Camarines Sur; Panganiban ng Catanduanes; Aroroy, Baleno, Esperanza, Placer, Milagros at Balud sa Masbate; Matnog at Magallanes sa Sorsogon. Pinakamataas ang tantos ng kahirapan sa Camarines Sur na sinundan ng Sorsogon at Masbate.

**Hindi matawaran ang pagtaas ng tantos ng implasyon at pagsirit ng presyo ng mga pagkain.** Ayon mismo sa taya ng Dept. of Agriculture (DA), 45% ang naging pagtaas ng presyo ng itlog nitong mga nakaraang buwan. Mas mataas pa ang tantos para sa presyo ng sibuyas, bawang, gulay, karne at asin. Nananatili rin ang P45-50 halaga ng bigas sa kabila ng pangako ni Marcos na pababababain ito tungong P20. Kahit sa mga Kadiwa store na ipinatupad ay mahal ang mga bilihin.

**Ngunit sa halip na magpatupad ng *price control* at regulasyon sa merkado, ang tanging hakbang ng gubyerno ay ang mamigay ng *food stamps.*** Nagtanggal na rin ng ilang libong benepisyaryo sa programang 4Ps.

Hindi rin itinutulak ng rehimen ang mga hakbang upang mapataas ang kakayahan ng mamamayang bumili o yaong *purchasing power.* Sa halip na pataasin ang sahod ng mga manggagawa ay nakapako lamang ito sa halagang hindi sapat sa araw-araw na pangangailangan. Isang beses lamang nagkaroon ng pagtaas ng sahod sa buong taon. Liban pa sa kakarampot na P40 dagdag sa *minimum wage* at limitado lamang sa NCR ang saklaw nito.

Sang-ayon sa napakakonserbatibo na ngang datos ng gubyerno, kailangan ng P12,000 kada buwan o P400 kada araw upang masabing nasa taas ng *poverty line* ang isang pamilya. Ngunit, mayroong anim na rehiyon sa bansa ang mayroong *regional wage* na naglalaro lamang sa

P300-385. Kabilang dito ang Bikol na siyang ikatlo sa mga rehiyong may pinakamababang sahod.

Masahol pa, **bumagsak nang 4.5 milyon ang bilang ng pultaym na manggagawa. Mayroon ding 369,000 na may trabaho nga ngunit hindi pumapasok.** Sila yaong nasa *floating status* o kaya yaong walang mga *work item.* Tumaas din ang bilang ng mga nasa impormal na sektor at nagtitiis sa mga trabahong mababang lebel. Umaabot na ito sa 73% ng buong pwersa sa paggawa.

Itinulak din ng rehimen ang **debolusyon ng mga ahensya ng gubyerno** na nagresulta sa pagkakatanggal ng puu-puong libong empleyado ng gubyerno. Sa Bikol, isasailalim sa debolusyon ang dalawang programa ng DSWD ngayong taon. Ito ang unang bahagi ng debolusyon ng mga programa ng ahensyang lulubusin sa 2024. Ang hakbanging ito ay magtatanggal sa trabaho ng 700 empleyado.

Nagtakda rin si Marcos ng panibagong dedlayn para sa konsolidasyon ng mga prangkisa ng mga dyip. Sang-ayon ito sa limang taon nang ipinipilit na *phaseout* ng mga *jeepney* sa ilalim ng **Jeepney Modernization Program.** Hindi bababa sa 650,000 drayber ng dyip at 200,000 maliliit na opereytor ang maaapektuhan ang kabuhayan dulot nito.

**"Dulot ng papasahol na sosyoekonomikong krisis, lalo ring sumisidhi ang pampulitikang krisis sa bansa.**

**Sa isang panig, sumasahol ang pampulitikang krisis ng naghaharing uri. Sa kabilang panig, umiigting din ang tunggalian sa pagitan ng hanay ng naghaharing uri at ng malawak na sambayanan."**

Ngunit bagamat malawakan ang disempleyo at mabilis na naglalaho ang mga trabaho at kabuhayan, walang programa si Marcos para sa mga nawalan ng empleyo liban sa paglalako sa kanilang murang lakas-paggawa para sa mga dayuhan. Sa kasalukuyan, aabot sa 20% ng buong pwersa sa paggawa ang nasa ibayong dagat.

Ang masakit pa, sinasabayan ito ng todo-largang **pribatisasyon ng mga serbisyo at yutilidad tulad ng tubig at kuryente.** Dagdag pang pasakit sa taumbayan ang napakataas na singil ng mga pribadong konsesyon. Halimbawa na lamang, sa 584 na *water district* sa bansa, 160 ang mayroong *joint venture agreement* sa Prime Water na hawak ng pamilyang Villar. Sa Bikol, hawak ng Prime Water ang operasyon ng tubig sa Camarines Norte, Camarines Sur, Sorsogon at Albay. Kalakhan sa 160 *water district* na ito ang irinereklamo ng masa dahil sa maruming tubig na hindi mainom, palyadong serbisyo at napakamahal na singil.

## Lalong sumisidhi ang pampulitikang krisis sa bansa


Dulot ng papasahol na sosyoekonomikong krisis, lalo ring sumisidhi ang pampulitikang krisis sa bansa. Sa isang panig, sumasahol ang pampulitikang krisis ng naghaharing uri. Sa kabilang panig, umiigting din ang tunggalian sa pagitan ng hanay ng naghaharing uri at ng malawak na sambayanan.

Lalong kumikipot ang poder na maaaring paghati-hatian ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista. Maging sila ay hindi na makairal alinsunod sa liberal demokratikong pagpapanggap ng kanilang sariling mga batas. **Mabilis na nagkakaroon ng mga bitak at paksyon sa pagitan ng naghaharing uri para sa pagkakamal ng pinakamalaking yaman at kapangyarihan.**

Sa unang taon pa nga lamang ni Marcos, mayroon nang mga bitak sa kanyang alyansa sa mga Duterte. Nitong Mayo 2023, may usap-usapan na ng isang *ouster plot* na laban kay House Speaker Martin Romualdez. Si Gloria Macapagal Arroyo naman ay na-*demote* mula sa pagiging *senior deputy speaker* tungong *deputy speaker.* Pinalitan siya ni Sandro Marcos sa naturang pusisyon.

Si Romualdez din ang presidente ng Lakas-CMD habang si Arroyo ang *chairperson emeritus.* Sa kurso nito, nagbitiw si Sara Duterte mula sa naturang partido dahil umano sa mga ribalang pampulitika sa loob.

Kani-kanilang maniobra rin ang kampo ni Duterte at ni Marcos upang magtiyak ng pampulitikang kalamangan. Si Rodrigo Duterte ay nagpapalaki ng papel sa kampo ni Marcos sa pamamagitan ng pagkukusang maging daluyan ng pakikipag-ugnayan sa Tsina. Samantalang noong eleksyon ay tinawag niya itong mahinang lider at walang alam. Nasa interes naman ni Marcos sa kasalukuyan na panatilihing nakakulong si Sen. Leila De Lima, isa sa mga nangungunang kritiko ni Duterte bilang panggarantiya sa katapatan nito.




Ipinag-utos din ni Marcos ang *internal cleansing* sa hanay ng PNP at AFP. Ngunit ikinukubli sa korapsyon at sindikato ng iligal na droga at ang tunay na layunin ay ang alisin ang mga tapat na upisyal-militar at pulis ni Duterte sa mga susing pwesto at palitan ito ng sarili niyang mga pasistang alagad.

Ngunit hanggat hindi pa nalulubos ang mga bitak na ito sa pagitan ng kanilang mga paksyon, nasa interes nilang panatilihin ang kanilang mabuway na alyansa at sundin ang dikta ng amo nilang imperyalistang US na **ipagpatuloy ang patakaran ng terorismo ng estado laban sa ligal na pambansa demokratikong kilusan at sa armadong rebolusyonaryong kilusan.**

Alinsunod dito, matamang ipinagpapatuloy ni Marcos ang militaristang **whole of nation approach (WONA)** ni Duterte. Tulad nito ay naglagay din siya ng mga piling upisyal-militar sa mga susing pusisyon sa gubyerno. Ilan sa kanila sina dating PNP general na si Camilo Cascolan, isa sa mga utak ng Oplan Tokhang at Oplan Double Barrel, na itinalagang *undersecretary* ng Dept. of Health at si dating AFP general Carlito Galvez Jr. bilang Presidential Adviser on Peace, Reconciliation and Unity. Pinakahuling iluluklok ni Marcos Jr. sa kabinete si AFP Gen. Andres Centino na nagretiro ngayong Hulyo. Itatalaga siyang presidential adviser on West Philippine Sea.

Sa bisa ng kanyang pinakaunang direktiba, ang **EO 1,** lumikha ng isang panibagong upisinang nakatuon sa pagtitiyak ng adyendang militar sa burukrasya: ang **Presidential Adviser on Military and Police Affairs (PAMPA)**. Hindi ilininaw sa publiko ang kakaibang tungkulin ng naturang upisina hiwalay pa sa National Security Council (NSC) at Dept. of Interior and Local Government (DILG).

**Wala siyang binago sa mga kampanyang kontrainsurhensya ng PNP at AFP, bagkus ay pinaigting pa ang mga ito. Tinanggihan din ni Marcos ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at ng CPP-NPA-NDF.** Bagkus, pinagtuunan ng pansin ang pagpapatuloy ng *all-out war* laban sa mamamayan.

Ibinunga nito ang lalo pang paglala ng kalagayan ng karapatang tao. Sa unang tatlong buwan ni Marcos, naitala ng UN Commission on Human Rights ang **78% pagtaas sa bilang ng ekstrahudisyal na pamamaslang.** Mas marami na rin ang bilang ng biktima ng sapilitang pagkawala o *desaparecido* sa unang taon pa lamang ni Marcos kumpara sa anim na taon ni Duterte.

Wala pa ring humpay ang pambubomba sa mga komunidad, matatagalang sakyada at mga brutal na operasyong militar sa kanayunan. Pinaigting din ang ***dirty tactics* ng AFP kung saan inaatake ng mga berdugo kahit ang mga sanggol, bata, buntis at matatanda.** Tuloy din ang kampanyang pagpapasuko sa ilalim ng **Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP)** at sapilitang pinapasurender ang buu-buong komunidad at baryo.

Sa Bikol, umaabot na sa 139 ang bilang ng paglabag sa karapatang tao ng mga pwersa ng 9th ID, PNP Reg. V, CAFGU at mga ahenteng militar at pulis mula Hulyo 2022 hanggang Hulyo 2023. Kabilang dito ang 27 kaso ng pamamaslang, 41 kaso ng iligal na detensyon, pang-aaresto at pagsasampa ng gawa-gawang kaso, isang kaso ng panggagahasa at isang kaso ng sapilitang pagwala. Apatnapu't apat sa mga bilanggong pulitikal sa Bikol ang nakakulong pa rin hanggang ngayon.

Nagpapatuloy ang pang-aabuso sa sibilyang populasyon at panggigipit sa mga progresibo at makabayan. Para sa taong 2023, **ibinalik ng kanyang mga alipures sa Kongreso ang P10 bilyong pondo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC)** sa kabila ng mga kontrobersyang kinasasangkutan nito at mahigpit na pagtutol kahit ng mga pulitikong nasa oposisyon. Kalaunan,


itinalaga ring *co- vice chair* ng naturan si Sara Dutete. Ang NTF-ELCAC ay notoryoso sa pang-aatake nito sa ligal na kilusang masa.

Ayon sa Global Rights Index ng International Trade Union Confederation, nananatili pa rin sa 10 pinakamasasamang bansa para sa mga manggagawa ang Pilipinas ngayong taon. Ilan sa pinakatalamak na paglabag sa kanilang karapatan ang pagbuwag sa kanilang mga unyon at pagbabawal sa kanilang mag-organisa, pang-aaresto sa welga at pamamaslang.

Samantala, ang grado ng Pilipinas sa kalayaan sa pamamahayag ay nasa mababang ika-132 sa 180 na bansa sa buong daigdig ayon sa Reporters Without Borders' World Press Freedom Index. Ang naitalang 75 atake laban sa midya sa ilalim ni Marcos ay mas mataas kaysa sa 41 abereyds na kaso ng paglabag na naitala sa ilalim ni Duterte.

Liban sa patuloy na pagpapatupad ng mapanupil na Anti-Terror Law, ipinasa rin ni Marcos ang **Sim Card Registration Act** noong Oktubre 2022. Tuwiran nitong linalabag ang karapatan sa pribasiya at pribadong komunikasyon ng karaniwang Pilipino. Pinahihigpit at pinadadali rin nito ang pagmamanman ng estado sa sinumang naisin nito.

Patuloy din ang mapang-abusong katangian ng gera kontra-droga ng PNP. Ayon sa Human Rights Watch, sadyang pinaliliit ng PNP ang bilang ng kaso ng pamamaslang na kaugnay sa mga operasyon ng pulis. Mula Hulyo 1, 2022 hanggang Nobyembre 7, 46 na kaso lamang ang iniulat ng PNP samantala 127 ang naitala ng naturang grupo. Bagamat sinasabi rin ni




Marcos na rehabilitasyon at medikal na atensyon na ang magiging pihit ng gera kontra-droga, nananatiling 4,000 lamang ang kapasidad ng iilang *rehabilitation center* sa buong bansa.

Iginiit din ni Marcos ang **pagtangging ibalik ang pagsapi ng bansa sa International Criminal Court (ICC) at ang pagbabawal sa imbestigasyon nito sa madugong *drug war* ni Duterte mula 2016 hanggang 2018 at sa Davao *death squad killings* mula noong 2006.** Naninindigan siya sa pagkubli at pagprotekta sa mga sagadsaring kriminal na tulad nina Duterte at Bato dela Rosa kahit pa tuwiran ang kanilang pananagutan sa lampas 35,000 kaso ng pamamaslang na naganap sa *drug war* ng rehimeng Duterte.

## Tumitindi ang krisis sa pambansang soberanya at banta ng panghihimasok ng mga dayuhang kapangyarihan

Ipinamamarali ni Marcos ang polisiyang 'kaibigan ng lahat' bilang kanyang patakaran sa ugnayang panlabas. Sa aktwal na pagpapatupad, wala itong ibang ibig sabihin kundi ang pagpapakapapet niya kapwa sa imperyalistang US at Tsina.

**Sa isang banda, nakikipagtulungan siya sa US sa paglulunsad ng all-out war laban sa armadong rebolusyon ng mamamayan. Habang, sa kabilang kamay naman ay nakikipagkutsabahan sa mga imperyalistang Tsino na pagnakawan ang sambayanan at dambungin ang mayamang natural na rekurso habang pinababayaan silang mag-opereyt ng kanilang sariling baseng militar sa teritoryo ng bansa.**

Tahasan nang nanghihimasok ang Tsina sa West Philippine Sea (WPS), pinaglalawayan ang mayamang rekursong mineral at yamang-tubig at nagtatayo ng mga militarisadong artipisyal na isla sa palibot. Ngunit hindi iginigiit ni Marcos ang kagyat na pag-alis ng Tsina sa WPS. Hindi niya iginigiit na bayaran ng Tsina ang danyos na idinulot nito sa kabuhayan ng mga mangingisdang Pilipino. **Wala siyang anumang pampulitika o ligal na aksyong ginagawa upang ipagtanggol ang soberanya ng bansa.** Tulad ng isang maamong tuta, tahimik lamang niyang pinahihintulutan ang paghahari-hariang ito ng Tsina sa teritoryo ng bansa.

Kasabay nito ang kanya ring sadyang pananahimik at pagpayag sa pag-okupa ng pwersang militar ng US sa mga teritoryo ng Pilipinas sa bisa ng **Visiting Forces Agreement (VFA) at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).** Kahit na pinabubulnerable ng mga baseng militar ng US na ito ang Pilipinas

sa atake ng Tsina at iba pang kaalyado nito, pumayag pa si Marcos sa apat na dagdag na US *military base.*

Kapalit ng kanyang pagtalima sa disenyo ng kanyang amo, nangako ang US ng P3.6 bilyon para sa itatayong mga bagong base militar at P5.4 bilyong pautang para sa mga gamit militar. Dagdag ito sa nauna nang P4.4 bilyong pamumuhunan sa imprastrukturang ibinuhos sa nakatindig nang mga base militar.

## Ganting-bigwas ng mamamayan sa krisis na hatid ng rehimeng US-Marcos Jr.

Ang unang taon ni Marcos Jr. sa pwesto ay testamento ng kanyang pagiging huwaran at tapat na kinatawan ng naghaharing-uri at imperyalismo. Pinatutunayan ng kanyang mga patakaran ang pagiging tunay na ahente ng pagsasamantala at pang-aapi laban sa sambayanang Pilipino. Ipinagpapatuloy niya ang legasiya ng kanyang ama: papet, pahirap at pasista.

**Ngunit sa harap ng patung-patong na krisis na kinahaharap ng taumbayan sa ilalim ng kasalukuyang rehimen, patuloy pa rin silang nakikibaka at nagkakamit ng mga tagumpay na nag-aambag sa laban ng mamamayan para sa demokratikong interes ng nakararami. Walang humpay silang nangangahas makibaka at sumulong tungong tunay na pagbabago.**

Sa ligal pambansa demokratikong kilusan, ilan sa pinakamatitingkad na tagumpay ang pagtutulak ng kilusang manggagawang tuluyan nang maisagawa ang **High Level Tripartite Mission (HLTM) ng International Labor Organization (ILO) nitong Enero 2023.** Ang ILO ay isang ahensya ng United Nations na nagtatakda ng mga pamantayan sa paggawa at lumilikha ng mga patakaran para sa disenteng paggawa. Ang HLTM ay naglalayong imbestigahan ang mga paglabag ng gubyerno ng Pilipinas sa mga batayang karapatan sa pag-oorganisa at pag-uunyon ng mga manggagawa.




Mula 2019 nang unang nabuo ang rekomendasyon para sa paglulunsad nito, buong sikhay na ikinampanya ng kilusang manggagawa ang HLTM sa kabila ng panggigipit, pagtanggi at pag-iwas dito ni Duterte. Matagumpay na naipaglaban ng mga manggagawa ang kanilang karapatang ipahayag sa buong daigdig ang tunay nilang kalagayan at ang mga kagyat na kahingian ng kanilang sektor.

Dahil din sa malakas na panawagan, naigiit ng mga manggagawa ang **paunang tagumpay na P40 dagdag-sahod para sa mga obrero sa NCR.** Sa maagang panahon pa lamang ng termino ni Marcos ay iginigiit na nilang hindi maaaring ipako na lamang ng rehimen ang sahod ng mga manggagawa.

Sa kabila rin ng matinding pang-aatake ng estado, **nagpapanibagong-sigla ang mga welgang unyon, mga piket-protesta, tigil-paggawa at iba pang pagkilos ng mga manggagawa sa buong kapuluan.**

Sa sektor naman ng agrikultura, naitulak ng kilusang magbubukid ang nagbubulag-bulagang Senado na **bigyang-pansin ang usapin sa mga kartel sa mga produktong agrikultura tulad ng sibuyas at ismagling.** Napilitan ang gubyernong magsagawa ng imbestigasyon at kilalaning mayroong umiiral na sistemang kartel sa bansa. Mataman din ang pagmamatyag ng taumbayan sa suplay ng imported na kalakal kung kaya **mabilis na nasiwalat ang plano ng rehimeng mag-angkat ng 440,000 metriko toneladang asukal sa panahon ng lokal na anihan.** Dulot ng kontrobersya, nagbitiw sa pwesto si Vic Rodriguez, ang unang executive secretary ni Marcos.

Sa larangan ng karapatang tao, nagbunga ng mga kongkretong pagsulong ang walang lubay at buong tapang na pagsisikap ng mga tagapagtaguyod ng karapatang tao, makabayang abugado at mga progresibong organisasyon. Kabilang sa kanilang mga kinamit ang **pagkakasakdal ng magkakapatid na Zaldy, Andal at Anwar (Sr.) Ampatuan sa 57 kaso ng murder sa Maguindanao massacre na nangyari 14 taon na ang nakalilipas at ang sunud-sunod na pagbasura ng mga korte sa mga gawa-gawang kasong isinampa sa maraming mga aktibista at organisador sa panahon ni Duterte. Ilan din sa mga bilanggong pulitikal ay napalaya na.**

Noong Setyembre 21, 2022, **ibinasura rin ng Manila regional trial court ang petisyon ng Dept. of Justice (DOJ) na itakdang terorista ang CPP-NPA-NDF dahil sa kakulangan ng ebidensya.** Binigyang-diin sa hatol na ang mga

aksyon ng rebolusyonaryong kilusan ay porma ng rebelyon at hindi terorismo.

Sa tulak din ng puspusang kilusang masa, **muling binuksan ng ICC ang imbestigasyon sa mga krimen ni Duterte at ng kanyang mga alipures laban sa sambayanan.** Noong Hunyo 2023, nakapagpasa na ng mga testimonya ang pamilya ng mga biktima ng madugong gera kontra-droga. Sa pinakabagong pag-usad nitong Hulyo, ibinasura ng ICC ang petisyon ng GRP na pigilan ang imbestigasyon.

Sa lokal na antas, matapos ang halos isang dekada ay **matagumpay nang nabaligtad ng masang Albayano ang pribatisasyon ng kuryente sa kanilang prubinsya.** Nagdesisyon ang nagkakaisang mamamayan na kanselahin ang 25 taong *concession agreement* ng gubyernong prubinsyal sa Albay Power and Energy Corporation (APEC).

**Samantala sa panig naman ng rebolusyonaryong kilusan, hindi rin nahadlangan ng matinding atake ng reaksyunaryong pwersa at iba pang mga kahirapan ang patuloy na pagsisikap na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan.**

Matamang binabalik-aralan at puspusang inuunawa ng mga rebolusyonaryo ang mga batayang araling Marxismo-Leninismo-Maoismo at mga sulatin ni Ka Jose Ma. Sison, pinunong tagapagtatag ng PKP. Sa tuwina, pinagyayaman at pinalalalim ng mga rebolusyonaryo ang kanilang ideolohikal na kamulatan upang mahusay na matupad ang mga hamon sa pamumuno at pagsusulong ng rebolusyon. Mula sa mga impormal na talakayan, balitaan hanggang sa tatlong antas na pag-aaral sa Partido, pinagsisikapan ng bawat isa na unawain at isabuhay ang syentipiko at proletaryong paninindigan at pananaw.

Nagpapatuloy din ang mga sangay at komite ng Partido, yunit ng Pulang hukbo at mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa pagpapalawak ng baseng masa, pagpapalakas ng armadong pakikibaka at pagpapatupad ng rebolusyong agraryo sa iba't ibang antas. Itinatayo ang mga binhi ng kapangyarihang pampulitika sa mga konsolidadong erya habang sabayang nagpapalawak sa mga erya ng ekspansyon at rekoberi. Samantala, nagpapakadalubhasa ang BHB, milisyang bayan at mga yunit panangggol sa sarili sa syensya ng pakikidigmang gerilya. Matatag itong dumedepensa laban sa pananalakay ng kaaway habang nagsasagawa ng mga taktikal na opensibang bumibigwas sa hanay ng reaksyon. Walang kapaguran ding isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang tunay na reporma sa lupa – mula sa mga kampanyang anti-pyudal para sa pagpapataas ng parte ng magsasaka, pagpawi sa usura, pagpapagana ng mga grupong tulungan hanggang sa pangangasiwa sa mga pinalayang lupang taniman na pinagyayaman mismo ng masang magsasaka.

Patuloy ding pinalalakas ng mga rebolusyonaryo ang organisasyon ng Partido. Kapwa sa kanayunan at kalunsuran, saanman naroon ang masang inaapi't pinagsasamantalahan, itinatayo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Minumulat, inoorganisa at pinakikilos ang pinakamalawak na hanay ng sambayanan. Kasabay nito, nirerekluta sa Partido ang mga pinakaabanteng elemento.

Hindi tulad ng rehimeng US-Marcos Jr., na tulad ng kanyang ama at ng lahat ng iba pang papet na rehimen ay lilipas at mababaon sa kasaysayan, hindi kailanman kukupas ang taginting ng rebolusyon ng mamamayang Pilipino. Anumang mga balakid, sakripisyo at kahirapan sa landas ng pakikipagrebolusyon, buo ang dedikasyon ng rebolusyonaryong kilusan na kamtin ang kritikal na lakas at pamunuan ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas hanggang sa ganap na tagumpay.

